Imbitasyon ng TBC



Ang Toronto Birth Centre (Sentro ng Panganganak ng Toronto) ay isang natatanging lugar, na pinangungunahan ng mga miyembro ng Katutubong komunidad, kabilang ang mga komadrona, kung saan ang mga buntis na tao na nasa pangangalaga ng mga komadrona ay maaaring mag-labour at manganak.

Ang aming bisyon ay para sa mga tao, mga pamilya, at mga komunidad na ma-akses ang pangangalaga sa panganganak na kultural na mayaman at kultural na mas ligtas, na nag-uugat sa muling pagkabuhay at pagdiriwang ng mga kaalaman at mga kultura ng mga tao ng First Nations, Metis at Inuit.

Bilang mga Katutubong komadrona, mga miyembro ng komunidad at kawani ng TBC, patuloy kaming namumuhay ng aming mga paraan ng pamumuhay, umuunlad at muling ibinabalik ang aming (mga) kaalaman at mga pagsasanay, at pinangangalagaan ang aming mga sarili at aming mga komunidad sa sa harap ng nagpapatuloy na mga kolonyal na pagpapataw at kawalan ng katarungan. Alam namin na marami ding ibang mga komunidad na nabubuhay sa ilalim ng pag-atake mula sa mga sistema na ipinatupad dito sa ating mga lupa. Naniniwala kami na sa pamamagitan ng pagsasama-sama ng ating mga hangarin at mga aksyon na magkakasama maaari nating maparami ang ating mga ibinahaging lakas tungo sa katarungan para sa ating lahat. Pinaprayoridad namin ang pagbabahagi ng lugar sa TBC lalo na sa ibang mga komunidad na patuloy na nakakramdam ng mga epekto ng mga hindi makatarungang sistema, habang nagtatrabaho kami upang madagdagan ang kultural na kaligtasan.

Ang TBC ay nakatalaga sa integridad ng Katutubong kultura, na kabilang ang pagsasama ng mga katutubong paraan ng pagtingin, pagiging, pag-alam, paggawa at pagdiriwang sa espasyo ng panganganak. Iniimbitahan namin kayo sa TBC, kung saan ang inyong sariling mga kultural na pagsasanay ay iginagalang, kinikilala at pinahahalagahan. Ito ang aming bisyon ng paraan upang makamit ang pinakamahusay na kalusugan at kagalingan para sa lahat.